# Project EASE

(Effective and Alternative Secondary Education)

## ARALING PANLIPUNAN I




**MODYUL 7**
**ANG PAGBABAGONG DULOT NG KOLONISASYON**

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

# MODYUL 7
# PAGBABAGONG DULOT NG KOLONISASYON

Hinahangaan kita at nakarating ka na sa modyul na ito. Ibig sabihin ay marami ka nang natutuhan sa mga nakaraang modyul.

Dadalhin ka ng modyul na ito sa mga pagbabagong naganap sa ating mga ninuno nang tayo ay sinakop ng mga Kastila. Ang mga pagbabagong iyan ay makikita sa larangan ng pulitika, ekonomiya at buhay panlipunan. Maiintindihan mo rin kung bakit mahirap bigyang katuturan kung sino ang tunay na Pilipino at bakit iba't ibang kultura ang ating kinagisnan.

May tatlong aralin sa modyul na ito:

- Aralin 1: Pagbabagong Pulitikal
- Aralin 2: Pagbabagong Pangkabuhayan
- Aralin 3: Pagbabagong Panlipunan

Pagkatapos ng mga aralin, inaaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maiisa-isa ang mga pagbabagong naganap sa buhay ng mga Pilipino noong panahon ng mga Kastila sa larangan ng pulitika, kabuhayan at lipunan;
2. Mapaghahambing ang buhay ng mga Pilipino bago dumating ang mga Kastila at sa pagdating ng mga Kastila; at
3. Matutukoy ang kakanyahan ng mga Pilipino na dulot ng mga pagbabagong naganap sa kanya.




## PANIMULANG PAGSUSULIT

**I.** **Tama o Mali.** Isulat ang **T** kung tama at **M** kung mali ang mga sumusunod na pangungusap.

_____**1.** Naging masaya ang buhay ng mga Pilipino noong panahon ng Kastila.

_____**2.** Ang mga datu ay naging gobernadorcillo sa ilalim ng mga Kastila.

_____**3.** Nanatiling Pilipino ang ating kultura sa pananakop ng mga Kastila.

_____**4.** Umangat ang kabuhayan ng mga Pilipino dahil sa patakaran ng mga Kastila.

_____**5.** Hindi iginalang ng mga Kastila ang karapatang pantao ng mga Pilipino.

_____**6.** Malaking porsiyento ng teknolohiya ng Pilipinas ay nanggaling sa mga Kastila.

_____**7.** Ang mga alamat, bugtong at salawikain ay kulturang Pilipino.

_____**8.** Nabuo ang mga barangay bilang isang bansa dahil sa mga Kastila.

_____**9.** Pantay ang karapatan ng mga kababaihan at mga kalalakihan.

____**10.** Ang tanging naiangat ng mga Kastila sa kanilang pananakop ay ang edukasyon ng mga piling Pilipino.

**II.** **Piliin ang tamang sagot.** Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

_____1. Ang mga namuno sa mga lalawigang hindi pa mapayapa ay ang mga

**A.** Alcaldes Mayores
**B.** Cabeza de Barangay
**C.** Corregidores
**D.** Gobernadorcillo

______2. Ang naglitis ng mga kaso ay ang

A. Gobernador Heneral
B. Regidores
C. Royal Audiencia
D. Visitador

______3. Ang mga patakaran ng mga Kastila ay

A. demokratiko.
B. liberal.
C. mapanikil.
D. progresibo.

______4. Ang ekonomiya ng Pilipinas sa ilalim ng mga Kastila ay

A. nasa kamay ng mga Kastila lamang.
B. napaunlad ng mga Pilipino.
C. napaunlad ng mga Kastila.
D. nagpahirap sa kabuhayan ng mga Pilipino.

______5. Ang kulturang Kastila ay

A. umakma sa kulturang Pilipino.
B. madaling natutuhan ng mga Pilipino.
C. nakapagpaangat ng kulturang Pilipino.
D. malayo ang kaibahan sa kulturang Pilipino.

______6. Noong panahon ng pananakop, ang Pilipinas ay pinamahalaan ng mga

A. Kastila.
B. Mehikano.
C. Pilipinong Datu.
D. Halong Mehikano at Kastila.

_____7. Ang transportasyon at komunikasyon noong panahon ng Kastila ay

A. naging maunlad.
B. nagpalaganap ng mga produktong Pilipino.
C. nagpalaganap ng mga produktong Kastila.
D. naging sanhi ng paglawak ng industriya ng mga Pilipino.

_____8. Ang likas na yaman ng Pilipinas ay nalustay dahil sa mga patakarang

A. pangkabuhayan.
B. pangkultura.
C. pulitikal.
D. pulitikal at pangkabuhayan.

_____9. Ang patakarang pangkultura ng mga Kastila ay


A. nagpayabong ng kulturang Pilipino.
B. nagpatatag ng kulturang Pilipino.
C. nagpayabong ng kulturang Kastila.
D. naging salik kung bakit naging payak ang kulturang Pilipino.

____10. Ang pananakop ng mga kastila sa Pilipinas ay


A. nakapagpasigla sa mga Pilipino.
B. isang malungkot na karanasan para sa mga Pilipino.
C. walang epekto sa buhay ng mga Pilipino.
D. isang mabuting karanasan para sa mga Pilipino.

**ARALIN 1**

**PAGBABAGONG PULITIKAL**



Tatalakayin natin sa araling ito ang organisasyon ng pamahalaan sa pagdating ng mga Kastila sa Pilipinas. Uunawain natin kung ano ang mga resulta ng pagbabago sa pulitika. Ito kaya ang dahilan kung bakit nawala ang kalayaan ng ating mga ninuno?



Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. Makaguguhit ng dayagram na nagpapakita ng organisasyon ng pamahalaang sentral at lokal ng Pilipinas sa ilalim ng mga Kastila;
2. Makapagpapaliwanag ng mga tungkulin at kapangyarihan ng mga Kastila o ilang Pilipino na humawak ng mga tungkulin sa pamahalaan;
3. Makapagsusuri ng mga naging resulta ng pagbabago sa buhay ng mga Pilipino; at
4. Makapaglilista ng mga dapat gawin upang hindi na muling maranasan pa ang hirap na dinanas ng ating mga ninuno sa ilalim ng mga Kastila.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

A. Subukan mong ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod:

1. ayuntamiento

   ______________________________________________

2. royal audiencia

   ____________________________________________

3. visitador

   ______________________________________________

4. alcaldia

   ______________________________________________

5. corregimiento

   ______________________________________________

6. alguacil mayor

   ______________________________________________

7. gobernadorcillo

   ______________________________________________

**Pulitikang Kastila**


Mula 1565 hanggang 1821, ang Pilipinas ay pinamahalaan ng Hari ng Espanya sa pamamagitan ng Viceroy ng Mehiko. Lahat ng lupain ng Espanya ay pinamahalaan ng Real Y Supremo Consejo de las Indias (*Royal and Supreme Council of the Indies*) na napalitan naman ng Ministerio de Ultramar (*Ministry of Colonies*) noong 1863. Ang consejo ang siyang tagagawa ng batas at direktiba sa pamamahala kayat tinawag itong Recopilacion de las Leyes de los Reynos de las Indias.

Ang pamahalaang Pilipinas sa ilalim ng mga Kastila ay nahati sa **pamahalaang sentral** at **pamahalaang lokal**.

***Ang Pamahalaang Sentral***

Ang **pamahalaang sentral** ay pinamumunuan ng Gobernador Heneral. Ang Gobernador Heneral ang siyang pinuno ng ***Royal Audiencia.*** Ang kanyang mga kilos ay sinusubaybayan ng ***Residencia*** at ***Visitador.***

**Ang Organisasyon ng Pambansang Pamahalaan**
**sa Ilalim ng mga Kastila**




Ang ***gobernador heneral*** ang tumatayong kinatawan ng hari ng Espanya sa Pilipinas. Bilang pinuno, siya ang tagapangasiwa ng pamahalaang sentral at lokal sa Pilipinas. Siya rin ang pinuno ng hukbong militar, ***Royal Audiencia*** at ***vice real patron***. Bilang ***vice real patron***, siya ang may kapangyarihang magtalaga ng pinunong prayle sa mga parokya sa bansa. Ang kapangyarihan ng ***gobernador heneral*** ay nililimitahan ng hari ng Espanya. Subalit may kapangyarihan siyang tinaguriang ***cumplase*** kayat maari niyang ipatupad o di ipatupad ang mga utos ng hari batay sa kanyang kagustuhan.

Ang ***residencia*** ay hinirang ng hari ng Espanya upang suriin ang mga ginawang pamamahala ng ***gobernador heneral*** pagkatapos ng kanyang paglilingkod. Kung ***gobernador heneral*** ay gumawa ng labag sa batas at pagtitiwala ng publiko, maaari siyang pagmultahin. Maaaring kumpiskahin ang kanyang ari-arian, ipakulong siya, o ipataw ang lahat ng parusang nabanggit. Ang ***residencia*** ay tumagal sa Pilipinas hanggang 1799.


Ang ***visitador*** ay may tungkuling gaya ng sa ***residencia***. Subalit pabigla-bigla at walang tiyak ang oras ng kanyang pagpunta sa Pilipinas upang mahuli

niya sa akto ang ***gobernador heneral***. Kapag nahuli niya na gumagawa ng anomalya ang gobernador heneral, maaari niyang patawan ng parusa ang ***gobernador heneral*** na kapareho ng ibinibigay ng ***residencia*.**

***Ang Pamahalaang Lokal***

Ang pamahalaang lokal ay nahahati sa panlalawigan o corregidor, panlunsod, pambayan at pambarangay.

**Organisasyon ng Pamahalaang Lokal sa Panahon ng Kastila**




Pag-aralan mo ang dayagram na nasa itaas. Ang pamahalaang panlalawigan ay pinamumunuan ng ***alcalde mayor;*** ang ***corregidor*** naman ay pinangangasiwaan ng mga ***corregidores.*** Ang mga ***corregidores*** ay mga lalawigang may pag-aalsa pa laban sa mga Kastila tulad ng Mariveles, Mindoro at Panay. Maraming Pilipino ang namatay dahil sa paglaban sa mga Kastila.

Ang ***alcalde mayor*** at ***corregidor*** ay may kapangyarihang mamahala at maging hukom sa mga lalawigan. May pribilehiyo din sila ng ***indulto de comercio*** o ang pribilehiyo na makipagkalakalan sa kalakalang **Galleon**. Ang posisyong ito ay pinag-aagawan ng mga Kastila dahil sa ***indulto de comercio.*** Ang pribilehiyong ito ay kanilang natamasa mula 1751 hanggang 1844.



Nabago ng pamamahalang Kastila ang pamumuhay ng mga Pilipino.

Ang ***ayuntamiento*** o mga lungsod ay pinamumunuan ng dalawang alcalde ordinario na inihahalal ng mga kastilang residente. Kasama nila ang 6-12 ***konsehal*** o ***regidores*** at ***alguacil mayor*** o hepe ng pulisya, na namamahala sa mga lungsod. Ang kalihim ang siyang nagsusulat at nagtatago ng mga mahahalagang libro ng lunsod.


Ang ***gobernadorcillo*** ay maaring Pilipino o Intsik, may 25 taong gulang, nakapag-aral sa mababang paaralan, at naging ***cabeza de barangay*** nang humigit kumulang na apat na taon. Ito ang pinakamataas na posisyon na maaaring makamtan ng isang Pilipino ngunit kadalasang ito ay nasa kamay ng mga Kastila. Makapangyarihan ang ***gobernadorcillo*** sapagkat siya ang namamahala sa pamahalaang pambayan. Siya rin ang naghahanda ng listahan ng dapat magbayad ng buwis, nagtatalaga ng mga Pilipinong puwersahang

nagsisilbi bilang trabahador o ***polo y serbisyo***, sundalo at kartero. Hukom din siya sa mga kasong kinasasangkutan ng hindi tataas sa P44.00.

Ang ***gobernadorcillo*** ay tinutulungan ng mga teniente: ***teniente de justicia*** na mamamahala sa mga kaso; ***teniente de policia*** na namamahala sa kapayapaan ng bayan; at ***teniente de agricultura*** na namamahala sa mga pananim at hayop.

Ang pinakamakapangyarihang tungkulin ng ***cabeza de barangay*** ay mangolekta ng buwis. Sila naman ay libre sa pagbabayad ng buwis. Ang ***cabeza de barangay*** ay namamahala sa kapayapaan at kaayusan ng mga barangay at sa pagtitipon-tipon ng mga manggagawa sa ilalim ng ***polo y servicio.*** Ang mga datu sa sinaunang pamayanan ang siyang nahirang na ***cabeza de barangay.***

Samakatuwid, nawalan ng karapatan ang mga Pilipino sa kanilang sariling bayan sapagkat diniktahan lamang sila ng mga pinunong Kastila. Kung may Pilipino mang namuno, ang mga masang Pilipino ay inabuso rin nila tulad ng pang-aabusong ginawa ng mga Kastila.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Punan ang Tsart

| Mga Pinuno | Mga Tungkulin | Pang-aabuso |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

**Mga Tanong:**

1. Anu-ano ang ginawa ng mga Kastila sa mga Pilipino na nagpabago ng takbo ng kanilang pamumuhay?

2. Sino sa mga namuno ang mas maraming nagawang pang-aabuso? Bakit?

3. Madali bang inabuso ng mga Kastila ang mga Pilipino? Ipaliwanag.



**Tandaan Mo!**

- Ang pamahalaang Pilipinas sa panahon ng mga Kastila ay may dalawang sangay: ang **pamahalaang sentral** at **pamahalaang lokal.**
- Ang pamahalaang sentral ay pinamunuan ng **gobernador heneral**.
- Ang pamahalaang lokal ay binubuo ng mga lalawigan. Ang isang lalawigan ay binubuo ng lungsod o munisipyo at ang lungsod at munisipyo ay binubuo naman ng mga barangay.
- Ang mga lalawigan ay pinamunuan ng mga alcaldes mayores at corregidores. Ang mga lungsod ay pinamunuan ng mga ***alcaldes ordinario***.
- Ang mga munisipyo o bayan ay pinamunuan ng ***gobernadorcillo***.
- Ang mga barangay ay pinamunuan ng mga cabeza de barangay. Ang mga cabeza de barangay ay ang mga dating datu sa sinaunang pamayanang Pilipino.



**Gawain 3: Paglalapat**

1. Kung ikaw ay mahalal na pinuno, ano ang iyong panukala para bigyang proteksyon ang karapatan ng iyong mga nasasakupan?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Kung tayo ay muling sakupin sa kasalukuyang panahon, papayag ka ba? Ipaliwanag.


______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

**ARALIN 2**

**PAGBABAGONG PANGKABUHAYAN**



Aalamin naman natin sa araling ito ang mga patakarang pangkabuhayan sa panahon ng mga Kastila.  Susuriin natin ang naging epekto ng bawat isa sa pamumuhay ng nakararaming Pilipino.



Pagkatapos ng araling ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maipaliliwanag ng mga patakarang pangkabuhayan na ipinatupad ng mga Kastila sa Pilipinas;
2. Masusuri ang mga epekto ng mga patakarang pangkabuhayan sa pamumuhay ng mga Pilipino; at
3. Makapagbibigay ng mga mungkahi upang mapabuti ang ating kasalukuyang kabuhayan.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Magtanung-tanong sa iyong mga lolo at lola kung may natatandaan silang kuwento ng kanilang mga lolo o lola tungkol sa buhay ng Pilipino sa panahon ng Kastila. Ipakuwento sa kanila ang mga panahong iyon. Pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Anong uri ng kabuhayan mayroon ang iyong mga ninuno?

2. Naging masaya ba sila sa kanilang buhay?

3. Anong ang buhay na inasam nila?

**Patakarang Pangkabuhayan Ng Mga Kastila**
**At Ang Epekto Sa Buhay Ng Mga Pilipino**

Sa simula, nahirapan ang mga Kastila sa pagpapalaganap ng kanilang mga patakaran dahil sa dami at pagkakawatak-watak ng mga barangay sa iba't ibang bahagi ng kapuluan. Ngunit sa pamamagitan ng pamamaraang ***reducciones,*** napag-isa ang mga barangay upang maging ***pueblo*** at natipon ang mga Pilipino sa kapatagan. Napilitan ang mga Pilipino na tumupad sa mga patakarang ito.

Binago ng mga Kastila ang sistemang pangkabuhayan sa mga nabuong ***pueblo***. Nagkaroon ng sapilitang pagbubuwis, bandala, ***polo y servicio, encomienda***, at kalakalang Galleon. Nagtatag din ng mga ahensiya tulad ng ***Real Sociedad Economica de Amigos del Pais*** at ***Real Compania de Filipinas.*** Nagtayo ng mga istrukturang pang-telekomunikasyon, serbisyo publiko, agrikultura, industriya at pagbabangko.

***Pagbubuwis at Bandala***

Alammo ba na na kahit isang kolonya ng Espanya ang Pilipinas, ang mga Kastila ay walang pondong nakukuha mula sa Espanya? Upang matustusan nila ang kanilang paninirahan sa Pilipinas at kumita ang bansang Espanya, ipinatupad nila ang pagniningil ng mga **buwis** sa mga Pilipino. Sapilitan silang humingi ng mga buwis mula sa personal na kita, importasyon, kalakal sa nganga, alak, tabako, paputok, at opium. Maaaring magbayad ang mga Pilipino ng pera o ng kanilang produktong palay, manok, tabako, tela at iba pa.

Ang **bandala** ay isang uri ng pagbubuwis sa pamamagitan ng sapilitang pagbili ng pamahalaan sa mga produkto sa mababang halaga. Madalas na dinadaya ang mga Pilipino sa pag-uuri ng mga produkto upang mas mababa ang maging halaga ng produkto. Madalas ding hindi na nagbabayad ang mga Kastila.

***Polo y Servicio***

Ipinatupad ng mga Kastila ang sapilitang paggawa ng mga kalalakihang Pilipino mula 16 hanggang 60 taong gulang sa loob ng 40 araw sa bawat taon, na walang suweldo. Ang mga gawaing kasama dito ay ang pagtatayo ng simbahan, pagputol ng mga puno, paglaban sa digmaan at pagsama sa mga ekspedisyon. Maaari din namang hindi magtrabaho ngunit kailangang magsuhol ng 1 ½ reales sa bawat araw na dapat ipagsilbi.

Maraming Pilipino ang napahiwalay sa kanilang pamilya. Maraming bukid ang hindi natamnan, at maraming kalalakihan ang namundok dahil sa patakarang ito.




Nagtrabaho ang mga Pilipino sa mga bukirin para sa mga Kastila

### *Encomienda*

Ang ***encomienda*** ay ang pagbibigay ng hari ng Espanya ng karapatang mamahala ang isang Kastilang sundalo sa mga pamayanan at lupaing kanilang napayapa at nasakop sa Pilipinas. Ang mga sundalong ito ay tinawag na mga ***encomendero***. Nang lumaon, naging encomendero din ang mga hindi sundalong Kastila ngunit naglingkod sa Espanya.

Ang ***encomendero*** ay may tungkuling pangalagaan ang kanyang nasasakupan laban sa mga kaaway, panatilihin ang kapayapaan at kaayusan, at tulungan ang mga misyonero na mapalaganap ang relihiyong Katoliko. Ang mga encomendero ay binigyan ng karapatang maningil ng buwis na 8 reales sa kanilang nasasakupang may 19 hanggang 60 taong gulang na kalalakihan. Dito nagpayaman ang maraming ***encomendero***. Nangolekta sila ng buwis na mas malaki kaysa sa ipinataw ng pamahalaan. Lubhang nahirapan ang mga Pilipinong magbayad ng buwis at marami sa kanila ang lubhang naghirap at nagutom.

### *Pagsali sa Kalakalang Galleon (1565-1815)*

Ang Kalakalang Galleon ay galing sa pangalan ng barkong may dala-dalang kalakal na tumatawid ng Dagat Pasipiko mula Acapulco, Mexico patungong Maynila. Dahil sa kalakalang ito, may palitan ng produkto na naganap sa pagitan ng Asya, Mexico, at Amerika.

Maraming mga Kastila ang sumali dito at umigting ang sapilitang paggawa ng mga Pilipino lalo na sa larangan ng paggawa ng barko at ng langis para dito. Dahil sa kalakalang ito, nagkaroon ng mga bagong tanim ang Pilipinas tulad ng avocado, bayabas, papaya, pinya, at langka. Ang mga kabayo at baka ay dumating din sa Pilipinas dahil sa Kalakalang Galleon. Dahil dito, nahalinhan hindi napaunlad ang agrikultura at industriya ng bansa. Bukod dito, napasakamay ng mga Intsik ang kalakalang tingi.

***Monopolyo ng Tabako (Tobacco Monopoly)***

Sa pagnanais na madagdagan ang kita ng pamahalaan, si Gobernador Heneral Jose Basco y Vargas ay nagtatag ng sistemang monopolyo ng tabako noong 1782. Sa sistemang ito, ang mga lalawigan ng Iloko, Cagayan, Nueva Ecija at Marinduque ay sumailalim ng pamahalaan upang mapamahalaan ang maramihang pagtatanim ng tabako. Binigyan ng kota ang bawat pamilya ng 40,000 puno bawat taon at ito ay binili ng pamahalaan. Ang hindi nakatugon sa kota ay pinagmulta. Kung sumobra naman ang ani sa nakatakdang kota, ang mga ito ay ipinasunog. Dahil kontrolado ng pamahalaan ang dami ng tabako, nakontrol din nila and presyon at nakinabang sila nang malaki.

Ang monopolyo ay tumagal ng may isandaang taon. Ipinabuwag ito ni Gobernador Heneral Primo de Rivera. Ang mabuting naidulot ng monpolyong ito ay ang paglaki ng kita ng pamahalaan at para sa Pilipno naman, ito ay nakapagpatunay na kayang tugunan ng kolonya ang kanyang pangangailangan. Sa kabilang dako naman, ang monopolyong ito ay naging daan ng pagmamalabis ng mga opisyal para mapayaman ang sarili, panloloko sa mga magsasaka sa pagbabayad ng kanilang produkto, at ang paglaganap ng suhulan, pagpupuslit ng kalakalat *"black market".*

***Pagtatatag ng mga Samahang Pangnegosyo***

***Ang Real Sociedad Economica de Amigos del Pais***

Ito ay samahan ng mga propesyonal at negosyante na hinimok ni Gobernador Jose Basco Y Vargas na itatag. Layunin nito na pasiglahin ang ekonomiya ng Pilipinas subality naabuso naman ang likas na yaman ng bansa. Naging daan din ito ng pang-aabuso sa mga manggagawang Pilipino na naging dahilan ng kanilang pag-aaklas.

## Ang Real Compania de Filipinas

Ang kompanyang ito ay itinatag ni Haring Carlos III noong 1785 upang magkaroon ng tuwirang kalakalan ang Amerika at Tsina. Malaki ang pakinabang ng mga Kastila sa kompanyang ito dahil kumita sila sa pagbebenta mga produkto tulad ng indigo, asukal, bulak at mga tela. Subalit naghirap naman ang mga Pilipino.

## *Obras Pias*

Ito ay itinatag ng mga prayle upang may maitustos sa gawaing pangkawanggawa. Humingi ang mga prayle ng kontribusyon sa mga mayayamang mangangalakal. Hindi rin ito nagtagal sapagkat sa halip na ibigay sa mga mahihirap, ipinautang ng mga prayle ang mga salaping nakalap ngunit hindi naman sila nabayaran. Walang pa ring pakinabang ang mga Pilipino dito.

## Samahang Pangkabuhayan ng mga Kaibigan ng Bayan (*Economic Society of the Friends of the Country)*

Itinatag ito ni Gobernador Heneral Jose de Basco y Vargas noong 1781. Ang samahan ay nagkaloob ng mga gantimpala sa mga imbensyon sa larangan ng agrikultura, sa tagumpay ng pagtatanim ng tubo, at sa pagpapakilala ng ilang uri ng halaman tulad ng bulak, indigo, opyo, at iba pa.

## *Pagbabangko*

Kaugnay din ng pamumuhunan, itinatag ni Gobernador Heneral Antonio de Urbiztondo ang *Banco Espanol de Isabel II* noong Agosto 1, 1851. Ito ang unang naging regular na banko sa Pilipinas na ngayon ay kilala bilang Bank of the Philippine Islands.

***Transportasyon at Komunikasyon***

Nabago din ang pamumuhay ng mga Pilipino dahil sa transportasyon at komunikasyon. May ilang transportasyon at tren ang gumagana bago sumiklab ang Rebolusyong Pilipino. Itinatag ang ***Ferrocaril de Manila*** na nakarating hanggang Dagupan, Pangasinan. Noong 1885, itinatag nina Jacobo Zobel de Zangroniz at Adolfo Bayo ang ***tramvia***. Noong 1892, may limang linya ng ***tramvia,*** Intramuros, Malate at Sampaloc na hila ng kabayo samantalang sa Malabon at Binondo ay pinaandar naman ng singaw *(steam).*


Itinayo rin ang kauna-unahang tulay sa pagitan ng Quiapo at Arroceros na ngayon ay tinatawag na *Quezon Bridge*. Sumunod dito ang *Jones Bridge* patungong Divisoria kayat naging sentro ng kalakalan ang Escolta sa Maynila.

Ang mga barko ay regular na nagbiyahe linggu-linggo mula Maynila patungong Hongkong. May ilan ding biyahe mula Maynila patungong Hapon at Europa. Ang barkong ***Nippon Yusen Kaisha*** ay nagsimulang magbiyahe nang regular noong 1891. May mga ***steamers*** at ***steamboats*** na naglayag sa Kabisayaan at Mindanao.

Nagsimula ang serbisyo ng telepono noong 1890. Samantala ang unang linyang pangtelegrama ay nagsimula sa pagitan ng Maynila at Corregidor noong 1872. Taong 1893 naman, nagkaroon ng kuryente sa pamamagitan ng kompanyang ***La Electricista de Manila***.


Dahilan sa pagbabago sa larangan ng transportasyon at komunikasyon, nagkaroon ng panibagong organisasyon ang pangkabuhayang institusyon. Ang dating iisang lugar na ***tiangge*** o palengke ay umiikot na sa bawat bayan ng isang lalawigan sa loob ng isang linggo. Ang ganitong pagbabago ay nagpasigla sa mga pueblo kung saan dinadala ng mga tao ang kani-kanilang produkto. Ang dating barter o palitan ng produkto ay napalitan na. Nagsimula nang gumamit ng pera at kahit papaano ay napasali na sa pandaigdigang kalakalan ang mga pueblo. (Ito ang dahilan kung bakit ang pera ng mga Pilipino ay hiram sa mga kastila gaya ng piso, centimo, at pesetas). Subalit ang ganitong sistema ay nagpalawak sa mga produktong tinatangkilik lamang ng mga mangangalakal na

Kastila at ng iilang mayayamang Pilipino. Ang pang-aabuso sa mga Pilipino sa pamamagitan ng buwis at bandala ay lumawak pa sa maraming pueblo.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. Isulat sa bawat puno ang ilang patakarang pangkabuhayan noong panahon ng Kastila. Isulat nman sa dahon ang naging resulta ng patakaran.



**Sagutin ang mga sumusunod, ayon sa iyong natutuhan sa araling ito.**

**1.** May mabuti bang naidulot ang pagsakop ng mga Kastila sa ating bansa? Ipaliwanag mo.

2. Ayon sa natalakay na mga paksa mahalaga ba ang mga pagbabagong ekonomiya para sa ating bansa? Bakit? Pangatwiranan mo.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Ang sistemang pangkabuhayang ipinatupad ng mga Kastila sa Pilipinas ay kinapapalooban ng mga sumusunod: sapilitang pagbubuwis, bandala, ***polo y servicio,*** encomienda, kalakalang Galleon, monopolyo ng tabako, pagtatatag ng ***Real Sociedad Economica de Amigos del Pais, Real Compania de Filipinas, Obras Pias, Samahang Pangkabuhayan ng mga Kaibigang Bayan,*** at iba pang ahensiya pagtatayo ng mga inprastrukturang, pang-telekomunikasyon, serbisyo publiko, agrikultura, industriya at pagbabangko.
- Ang ***buwis*** ay sapilitang pagsingil ng mga mga Kastila ng pera bilang kontribusyon sa pamahalaan. Isang uri ng buwis ay ang ***bandala*** o ang sapilitang pagbili ng pamahalaan sa mga produkto sa mababang halaga lamang.
- Bagamat maraming programang pangkabuhayan ang isinulong ng mga Kastila, hindi naibsan ang paghihirap ng mga katutubo. Bagkus, ang likas na yaman ng bansa ay nalustay at ang mga Pilipino ay patuloy na naghirap.




**Gawain 3: Paglalapat**

Kung ikaw ay isang pinuno ng bansa, anu-ano ang iyong gagawin upang tulungang umunlad ang mga sariling mamamayan? Tutularan mo ba ang ginawa ng mga Kastila? Paano mo babaguhin ang kanilang sistema? Sumulat ng isang planong pangkabuhayan na nagpapakita ng iyong mga gagawin.

## ARALIN 3
## PAGBABAGONG PANLIPUNAN



Sa araling ito, uunawain natin ang mga naganap na panlipunang pagbabago sa Pilipinas sa panahon ng mga Kastila. Sinasabing naging kolonyal ang edukasyong natanggap ng mga nakaririwasang Pilipino. Naging halong Pilipino at Kastila ang maraming aspeto ng ating kultura. Ngunit ang nakalulungkot na nangyari sa Pilipino ay ang pagbaba ng antas ng kanilang kalagayan sa sariling bayan. Masidhi ang mga natanggap nilang paglabag sa kanilang mga karapatan bilang tao at bilang Pilipino.



Sa araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. Makapagpapaliwanag ng mga pagbabagong panlipunan sa larangan ng edukasyon at iba pang larangan ng kultura tulad ng sining, wika, panitikan, paglilimbag ng aklat , agham, libangan at laro;
2. Makapagsasabi ng naging antas ng pamumuhay ng mga Pilipino at matutukoy ang mga karapatang pantao na nilabag ng mga Kastila; at
3. Makapagbibigay ng sariling rekomendasyon upang ang karapatang pantao ay hindi malabag.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Gumupit o gumuhit ng mga gamit na kumakatawan sa mga sumusunod na kulturang Kastila at idikit ang mga ito sa mga kahon. Isulat sa blangko ang epekto nito sa kulturang Pilipino. Lakihan at gawin sa isang malaking papel o kartolina ang iyong sagot.

1. sining ☐ ______________________________ ______________________________
2. laro ☐ ______________________________ ______________________________
3. agham ☐ ______________________________ ______________________________
4. paaralan ☐ ______________________________ ______________________________

## Mga Pagbabagong Panlipunan sa Ilalim ng mga Kastila

Ang mga pagbabagong panlipunan sa buhay ng mga Pilipino noong panahon ng Kastila ay makikita sa mga sumusunod na larangan: edukasyong kolonyal, sining, wika, panitikan, paglilimbag ng aklat, agham, libangan at laro. Subalit kahit maraming pagbabago sa ganyang mga larangan, nadama ng ating mga ninuno ang higit na pagbaba ng kanilang kalagayan sa lipunan lalung-lalo na ang mga kababaihan. Isa-isahin natin ang mga nangyaring pagbabago.

## Edukasyong Kolonyal

Noong Ika-17 ng Hulyo, 1550, ipinalabas ni Haring Carlos V ang dikreto ukol sa edukasyon ng mga Pilipino. Laman ng dikreto ang pagtuturo ng wika, alpabeto, doktrinang Kristiyano, mga kultura at patakarang Kastila upang gawing Kristiyano ang mga batang Pilipino.

Ang mga anak na lalaki ng mga ***gobernadorcillo*** at ***cabeza de barangay*** ang pinagtuunan ng pansin ng mga Kastila. Itinatag noong 1596 ang Colegio de Niños na sangay ng Colegio de Manila. Ngunit limang taon lamang ito nagtagal sapagkat naubusan ng pondo.

Ang Samahan ni Hesus ang unang nagtatag ng mga paaralang kolehiyo at mataas na paaralan para sa mga lalaki. Ang Colegio Maximo de San Ignacio ay sumunod noong 1589 at ang Colegio de San Ildefonso (ngayon ay Pamantasan ng San Carlos) sa Cebu ay binuksan noong 1599. Binuksan din ang Colegio de San Jose na noon ay may 13 mag-aaral lamang.

Ang Escuela Pia ay itinatag ng mga Heswita para sa mga mahihirap na nang lumaon ay naging Ateneo Municipal de Manila noong 1865. Itinatag naman ng mga Dominikano ang Colegio De Nuestra Señora Del Santisimo Rosario noong 1611. Ito ngayon ang Pamantasan ng Sto. Tomas. Ang Colegio de San Juan de Letran na dating Seminario de Ninos Huerfanos de San Pedro y San Pablo ay itinatag din para sa mga ulilang batang lalaking Kastila noong 1640.

Marami pang mga paaralan  ang itinatag ngunit pawang para sa mga kalalakihan lamang. Ang mga kababaihan ay walang karapatang makapag-aral, at kung mayroon man ay para lamang sa mga anak na babae ng mga mayayaman. Ang kurikulum sa mga beateryong itinatag para sa mga kababaihang ito ito ay binubuo lamang ng pagsasanay sa mga kababaihan na maging madre de familia, magluto, gumawa ng mga gawaing pambahay, at maglingkod sa mga simbahan. Ilan sa mga ito ay ang Beaterio de la Compania de Jesus (1684) na ngayon ay Religious of the Virgin Mary, Sta. Catalina de Sena (1696), San Sebastian de Calumpang (1719, ngayon ay Sta. Rita College), Colegio de Immaculada Concepcion Concordia (1892); Assumption (1892), at Escuela Normal Superior de Maestras.

**Kulturang Pilipino-Kastila**

Nahaluan ng kulturang Kastila ang  kulturang Pilipino dahil sa pang-araw-araw na ugnayan ng bawat isa. Ang kulturang ito ay nasa larangan ng sining, wika, panitikan, paglilimbag ng aklat , agham, libangan at laro.

***Wika***

Maraming salitang Kastila ang naidagdag sa wikang Filipino. Kasama rito ang mga salaping ginagamit natin hanggang ngayon (piso, sentimo); mga gamit sa bahay (silya, mesa, plato, baso, kutsara, tinidor, at iba pa), pamamahala at pamahalaan (alkalde, teniente, munisipyo, cedula at iba pa), maging sa mga sayaw awit, pananamit at pangangalakal.

***Panitikan***

Ang mga katutubong salawikain, alamat, epiko at kwentong bayan ay naragdagan ng teosentrikong panitikang kagaya ng sa Kastila. Ang mga ito ay ang  awit at korido, mga salaysay na patula tulad ng Ibong Adarna, pasyon,

moro-moro, senakulo, komedya at sarsuela. Kinahiligang panoorin ng mga Pilipino, lalo na sa kapistahan, ang mga dula at sarsuela.

***Paglilimbag ng Aklat***

Mahalaga ang mga palimbagan sa paglaganap ng kulturang Kastila. Madaling naikalat ang mga aklat sa iba't ibang panig ng kapuluan. Naging moderno ang limbagan noong 1604. Lumaganap ang mga kasulatan tungkol sa relihiyon. Ang mga naunang aklat na nilimbag ay ang ***Doctrina Christiana en Lengua Española y Tagala***; ***Wu-chi T'ienchu Chen-Chiao Chen-C`huan Shih-iu*** (Sanaysay ng Totoong Tradisyon sa Pagpapalaganap ng Totoong Relihiyon) ni Padre Cobo, at ang ***Doctrina Christiana en Letra y Lengua China***.

***Sining***

Lumaganap din ang Kastilang sining sa larangan ng pagpipinta at iskultura. Karaniwang tema ng mga ito ay ang relihiyon, tulad ng ***Sedes Sapientes*** at San Jose na kasama si Santo Nino ni Faustino Quitang noong 1820, mga dibuho nina Damian Domingo, Juan Arceo, Juan Transfiguracion Nepomuceno, Severino Flavier, at marami pang iba.

Marami ding nagtagumpay na Pilipinong pintor, na nagsipag-aral sa ***Academia de Dibujo y Pintura.*** Isa sa pinakamagaling na obra maestra ay ang ***Spolarium*** ni Juan Luna. Si Felix Resurreccion Hidalgo na may obra maestrang ***Virgines Cristianas Expuestas Al Populacho*** (*Virtuous Women Exposed to the Mob*), 1885 ay may malaki ring ambag sa larangan ng pagpinta.

Ang iskulturang Kastila ay hindi lamang matatagpuan sa mga simbahan kundi pati na rin sa mga alahas, payneta at iba pang bagay na pandekorasyon sa katawan at mga tahanan.

Sa larangan ng sayaw at musika, naidagdag ang ***cariñosa, pandango, surtido, La Jota*** at marami pang iba. Lumaganap din sa buong bansa ang mga musikang pangrelihiyon.



### *Agham*

Ilan sa kontribusyon sa agham ay ang **Aklat ng mga Halaman sa Pilipinas** ni Padre Blas de Madre De Dios noong 1611. Inilathala naman ni Padre Manuel Blanco ang iba't ibang uri ng mga bulaklak noong 1837. Mga uri ng kemikal ang ambag naman nina Anacleto del Rosario, Antonio Lim, at Mariano Del Rosario.

Ang unang obserbatoryo ay itinatag ng mga Heswita sa ilalim ni Padre Faura. Ang unang ***sundial*** ay itinatag ni Padre Juan Sorolla. Ang sinaunang kalendaryo ay napalitan ng Gregorian.

***Libangan at Laro***

Ang mga larong Kastila gaya ng karera ng kabayo, *juego de toro,* at loterya ay kinawilihan din ng mga Pilipino. Ang sabong ay larong Pilipino na nagustuhan ng mga Kastila bilang pampalipas oras kayat ito ay ginawang legal noong 1861. Ang mga larong ito ay libangan ng mga kalalakihan.

Kinawilihan naman ng mga matatanda ang mga laro sa baraha. Harana, santacruzan at flores de Mayo naman ang kinahiligan ng mga dalaga't binata.. Ang mga bata naman ay nahilig sa patintero, pagpapalipad ng saranggola, habulan, taguan at iba pa.

**Panlipunang Kalagayan at Karapatang Pantao ng Pilipino**


Sa kabuuan, napakalaki ng pagbabago sa kalagayang panlipunan ng mga Pilipino noong panahon ng Kastila. Ang mga Pilipinong dati-rati ay nakapangyayari sa kanilang tahanan, lupain at iba pang ari-arian ay nawalan ng kapangyarihan sa sariling bayan. May mangilan-ngilan na napasali sa mataas na antas ng lipunan ngunit lahat halos ay nawalan ng karapatan.

Ang mga Pilipinong napasali sa mataas na lipunan ay ang mga nasa ***principalia.*** Sila ang mga Pilipinong naging aktibo sa pulitika at kalakalan. Ang kanilang kapangyarihan ay nagsimula nang maging ***cacique*** (o katiwala) ang kanilang mga ninuno sa mga lupain na inagaw ng mga Kastila sa mga katutubo. Nang naging hacienda ang sistema ng pagsasaka, naiiwan naman sa mga ***inquilino*** ang mga lupain sa malalayong lugar. Ang mga ***inquilino*** ang siyang namahala at nagpasaka ng mga lupain. Sila ay nagpayaman sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga produkto sapagkat hindi naman alam ng mga may-ari ng lupa sa kabayanan kung gaano karami ang naani sa mga malalayong lugar. Sila rin ang nangolekta ng mga buwis sa mga magsasaka. Kadalasang kinukunan na nila ng porsiyento ang mga buwis na ito. Dahil sa sila'y yumaman, nakaya ng

mga inquilinong ito na magpaaral ng kanilang mga anak sa mga pamantasan sa Pilipinas at Europa.

Samantala, ang masang Pilipino ay nanatiling magsasaka, manggagawa, utusan at mistulang alipin sa sariling bayan. May mga Pilipinong hindi matanggap ang pang-aalipusta sa kanila kayat sila ay namuhay na lamang sa mga kabundukan. Marami din sa kanila ang tinugis ng mga sundalo kayat sila ay nangasawi. Ngunit sa kabila nito, marami rin ang nakipaglaban. Ang higit na masakit, ang mga sundalong tumutugis ay mga Pilipino rin na naging bayaran ng mga Kastila upang tumugis sa kapwa Pilipino.

Kung maraming karapatan ang inalis sa mga kalalakihan, mas maraming karapatan ang naalis sa mga kababaihan. Ang dating pantay na karapatan na tinatamasa ng mga Pilipinong babae at lalaki bago dumating ang mga Kastila ay lubhang nabawasan. Ginawang pambahay lamang ang mga babae samantalang ang mga kalalakihan ay maaring mag-aral, magmay-ari at, mangasiwa ng mga lupa, maghanapbuhay at maging testigo sa mga korte.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. Bumuo ng timeline ng mga paaralang naitatag ng mga Kastila sa Pilipinas.


| 1500 | 1600 | 1700 | 1800 |
|---|---|---|---|
| ________________ | ________________ | ________________ | ________________ |
| ________________ | ________________ | ________________ | ________________ |

Mga Tanong:

1. Anu-anong uri ng paaralan ang itinatag ng mga Kastila sa Pilipinas?

2. Ano ang naging epekto ng mga paaralang ito sa mga kalalakihan at kababaihan?

B. Punan ang dayagram ng mga kulturang galing sa mga Kastila.




C. Ihambing ang mga karapatang natamasa ng mga Pilipino bago dumating ang mga Kastila sa panahon ng Kastila

| Karapatang Tinamasa ng mga Pilipino Bago Dumating ang mga Kastila | Karapatang Tinamasa ng mga Pilipino Noong Panahon ng Kastila |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |

Mga Tanong:

1. Ano ang kaibahan sa mga karapatang tinatamasa ng mga Pilipino sa dalawang panahon?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
2. Bakit maraming naranasang paglabag sa kanilang mga karapatan ang mga Pilipino sa ilalim ng mga Kastila?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Ang mga anak na lalaki ng mga ***gobernadorcillo*** at ***cabeza de barangay*** ang mga natatanging pinag-aral ng mga Kastila.
- Ang mga paaralang naitatag ay ang: Colegio de Niños na sangay ng Colegio de Manila (1596), Colegio Maximo de San Ignacio (1589) at ang Colegio de San Ildefonso (ngayon ay Pamantasan ng San Carlos) sa Cebu (1599), Colegio de San Jose, Ateneo Municipal de Manila (1865), Colegio De Nuestra Senora Del Santisimo Rosario (1611), na ngayon ay ang Pamantasan ng Sto. Tomas), Colegio de San Juan de Letran na dating Seminario de Niños Huerfanos de San Pedro y San Pablo (1640).
- Ang mga kababaihan ay walang karapatang makapag-aral. May mga beateriong itinatag para sa mga anak na babae ng mga mayayaman. Ang kurikulum sa mga beateryong ito ay pagsasanay sa mga kababaihan na maging madrede familia, magluto, gumawa ng mga gawaing pambahay at maglingkod sa simbahan.
- Ang pinagsamang kulturang Kastila-Pilipino ay makikita sa sining, wika, panitikan, paglilimbag ng aklat , agham, libangan at laro.
- Bumaba ang antas ng kalagayan ng nakararaming Pilipino sa lipunan sa panahon ng Kastila. Marami sa ating mga ninuno ang naging biktima ng paglabag ng karapatang pantao.



**Gawain 3: Paglalapat**

Naunawaan mo ba ang mga ginawang paglabag ng mga Kastila sa mga karapatang pantao. Maglista ka ngayon ng mga paraan na dapat mong gawin upang hindi malabag ang iyong karapatang pantao.


1. ____________________________________________
2. ____________________________________________
3. ____________________________________________



**Mga Dapat Tandaan Sa Modyul Na Ito**

- Ang pamahalaan sa Pilipinas sa pagsakop ng mga Kastila ay may dalawang sangay: ang **pamahalaang sentral** at **pamahalaang lokal.**
- Ang pamahalaang sentral ay pinamunuan ng **gobernador heneral** ngunit may ***residencia*** at ***visitador*** na sumusubaybay kung tama o mali ang kanyang pamamahala.
- Ang pamahalaang lokal ay binubuo ng mga lalawigan. Ang isang lalawigan ay binubuo ng lungsod o munisipyo at ang lungsod at munisipyo ay binubuo naman ng mga barangay.
- Ang mapayapang lalawigan ay tinatawag na ***alcaldia*** at ang lalawigang may pag-aalsa ay ang mga ***corregidor***.
- Ang mga lalawigan ay pinamumunuan ng mga ***alcaldes mayores*** at ***corregidores.***
- Ang mga lungsod ay pinamunuan ng mga ***alcaldes ordinario*** katulong ang mga ***regidores*** o konsehal, kalihim at ***alguacil mayor***.
- Ang mga munisipyo o bayan ay pinamunuan ng ***gobernadorcillo*** sa tulong ng mga ***teniente mayor***, at ng teniente ng pulisya, sakahan at paghahayupan.
- Ang mga barangay ay pinamunuan ng mga ***cabeza de barangay*** na mga dating datu sa sinaunang pamayanang Pilipino.

- Ang sistemang pangkabuhayan na ipinatupad ng mga Kastila sa Pilipinas ay kinapapalooban ng mga sumusunod: sapilitang pagbubuwis, bandala, polo y servicio, encomienda, kalakalang Galeon, pagtatatag ng Real Sociedad Economica de Amigos del Pais, Real Compania de Filipinas, pagtatayo ng mga inprastukturang pangtelekomunikasyon, serbisyo publiko, agrikultura, industriya at pagbabangko.
- Ang mga sistemang pangkabuhayang itinatag ng mga Kastila ay naglayong tumulong sa pag-unlad ng kabuhayan ng mga Pilipino ngunit ang nakinabang lamang ay ang mga Kastilang negosyante.
- Napaunlad ng mga Kastila ang transportasyon, kominikasyon, kuryente, telepone at pagbabangko ngunit pawang kontrolado ng mga Kastila ang Mga negosyong ito.
- Ang likas na yaman ay nalustay at ang mga Pilipino ay naghirap.
- Ang mga anak na lalaki ng mga ilustrado, at mga gobernadorcillo at cabeza de barangay ang mga natatanging pinag-aral ng mga Kastila.
- Ang pinagsamang kulturang Kastila-Pilipino ay makikita sa sining, wika, panitikan, paglilimbag ng aklat, agham, libangan at laro.
- Sa kabuuan, ang antas ng kalagayan ng nakararaming Pilipino sa lipunan



**PANGHULING PAGSUSULIT:**

**I. Tama o Mali.** Isulat ang **T** kung tama at **M** kung mali ang mga sumusunod na pangungusap:

______1. Mahalaga sa kulturang Pilipino ang mahaluan ng kulturang Kastila.

______2. Malaki ang ipinagbago ng pamahalaang Pilipino dahil sa pananakop ng mga Kastila.

______3. Napasama ang kalagayang pangkabuhayan ng mga Pilipino sa mga kamay ng mga Kastila.

______4. Naging makapangyarihan ang mga kalalakihan kaysa sa mga kababaihang Pilipino dahil sa patakarang pang-edukasyon ng mga Kastila.

______5. Ang sistemang polo y servicio ay sistema ng pagbubuwis.

______6. Dahil walang pondong ibinigay ang España, umasa ang mga opisyal na Kastila sa Pilipinas sa mga buwis na siningil nila sa mga Pilipino.

______7. Naging mala-Kastila ang lahat ng mga Pilipino dahil sa impluwensya ng kulturang Kastila.

______8. Mahalaga ang kalakalang Galleon sa mga gobernadorcillo.

______9. Maraming lupain ang hindi natamnan noong panahon ng Kastila sapagkat naging abala ang mga Pilipino sa Kalakalang Galleon.

______10. Mehikano ang kadalasang namamahala sa Pilipinas noong panahon ng Kastila.

**II. Isulat ang titik ng hindi kasama sa pangkat. Isulat din ang katwiran kung bakit hindi ito kasama sa pangkat.**

| | | |
|---|---|---|
| ____________________ | 1. A. bandala | B. buwis |
| | C. polo y servicio | D. pagnenegosyo |
| ____________________ | 2. A. edukasyon | B. residencia |
| | C. awit at sayaw | D. beaterio |
| ____________________ | 3. A. flores de Mayo | B. sine |
| | C. harana | C. santacruzan |
| ____________________ | 4. A. pisika | B. heografia |
| | C. kemistri | D. pananahi |

______________________5. A. indio B. principalia
C. inquilino D. cacique

______________________6. A. pagbabayad ng buwis B. pagputol ng puno
C. paggawa ng mga barko D. pakikipagdigmaan

______________________7. A. *Real Sociedad Economica de Amigos del Pais*
B. *Real Compania de Filipina**s***
C. *Obras Pias*
D. Kalakalang Galleon

______________________8. A. buwis B. encomienda C. beaterio D. bandala

______________________9. A. gerilya B. huramentados
C. remontados D. tulisan

______________________10. A. alcaldes mayores B. cabeza de barangay
C. gobernador heneral D. corregidores



## GABAY SA PAGWAWASTO

**PANIMULANG PAGSUSULIT**

**I. Tama o Mali**

| | |
|---|---|
| 1. M | 6. M |
| 2. M | 7. T |
| 3. M | 8. T |
| 4. M | 9. M |
| 5. T | 10. T |

**II. Piliin ang titik ng tamang sagot**

| | |
|---|---|
| 1. C | 6. A |
| 2. C | 7. B |
| 3. C | 8. D |
| 4. D | 9. D |
| 5. D | 10. B |

**ARALIN 1 PAGBABAGONG PULITIKAL**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

**I. Tukuyin ang mga sumusunod:**

1. Ayuntamiento –mga lungsod noong panahon ng Kastila
2. Royal Audiencia- ang korte suprema noong panahon ng Kastila
3. visitador- Kastilang ipinadala ng hari ng Espanya upang tingnan kung maayos ang pamamalakad ng gobernador heneral
4. alcaldia- mga lalawigang napayapa na ng mga Kastila
5. corregimiento- mga lalawigang hindi pa napayapa ng mga Kastila
6. alguacil mayor- ang constable o pinunong pulis ng isang bayan
7. gobernadorcillo- namamahala sa mga bayan

**Gawain 2. Pagpapalalim ng Kaalaman**

**Gawain 3. Paglalapat**

Ang sagot sa mga tanong ay depende sa sagot ng mga mag-aaral at ang iba ay matatagpuan sa teksto ng Aralin 1.

## ARALIN 2 PAGBABAGONG PANGKABUHAYAN

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ang mga sagot ay depende sa mga nasaliksik ng  mga mag-aaral.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**
Ang mga sagot ay matatagpuan sa teksto ng Aralin 2

**Gawain 3: Paglalapat**
Ang mga sagot ay depende sa larawang iginuhit o ginupit ng mag-aaral.

## ARALIN 3 PAGBABAGONG PANLIPUNAN

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ang mga sagot ay depende sa ibibigay ng mga mag-aaral. Maaaring itsek nila ang ginawa sa teksto ng Aralin 3.

**Gawain 2:  Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ang mga sagot ay maaring ibatay sa teksto ng aralin

**Gawain 3: Paglalapat**

Ang mga sagot ay batay sa teksto ng aralin subalit kailangang nakabatay sa pangkasalukuyang sitwasyon.

**PANGHULING PAGSUSULIT**

**I. Tama o Mali**

| | |
|---|---|
| 1. M | 6. T |
| 2. T | 7. T |
| 3. T | 8. T |
| 4. T | 9. T |
| 5. M | 10. M |

II.

1. d – ang lahat ay sapilitang ipinagawa sa mga Pilipino maliban sa pagnenegosyo
2. b – ang lahat ay patakarang pangkabuhayan maliban sa b
3. b – ang lahat ay pangkultura maliban sa b
4. d – ang lahat ay kurso para sa kalalakihan maliban sa d
5. a – ang lahat ay mga Kastila maliban sa a
6. a – ang lahat ay polo y servicion maliban sa a
7. d – ang lahat ay kompanyang Kastila maliban sa d
8. c – ang lahat ay pangkabuhayan maliban sa c
9. a – ang lahat ay mga taong kalaban ng mga kastila maliban sa a
10. b – ang lahat ay pinamunuan ng mga Kastila maliban sa b